INTERNATIONAL JOURNAL OF ADVANCED MULTIDISCIPLINARY STUDIES
Volume V, Issue 3, March 2025, eISSN: 2799-0664

# Kahandaan, Isyu, at mga Suliranin sa Pagsasagawa ng Pananaliksik Pangklasrum ng mga Guro

**JESSEL A. LAURENTE**
Teacher II
Western Leyte College
Master of Arts in Education
Major in Filipino
jessel.astrologo001@deped.gov.ph

***Abstrak*** — Ang aksiyong pananaliksik bilang isang paraan ng pag-aaral ay may malaking potensyal upang mapahusay ang kasanayan sa pagtuturo at propesyunal na pag-unlad ng gurong nagsasanay (Mertler, 2019; Salbx et al., 2020). Sa pamamagitan ng pagsasagawa ng aksiyong pananaliksik, ang mga gurong nagsasanay ay magkakaroon ng pagkakataong malinang ang malalim na pag-unawa sa kanilang mga tungkulin bilang mga tagapagturo na magreresulta sa pagtuklas ng kanilang pagkakakilanlan bilang isang guro (Dikilitaş & Comoglu, 2022). Bagamat isinusulong ng bawat paaralan na ang mga guro ay hinihikayat na gumawa ng mga pananaliksik pangklasrum, karamihan pa din ay isinasawalang-bahala lang ang tugon ng departamento. Kaya nga, ito ang naging gabay ng mananaliksik upang buuin ang thesis na ito upang malaman ang kaugnayan ng kahandaan ng mga guro at ang kanilang mga isyu at suliranin tungkol sa pagsasagawa ng mga pananaliksik pangklasrum. Dahil sa resulta ng pag-aaral na ito, mairerekomenda ng tagasulat ang mga hakbang upang mapadali sa mga guro ang pagsagawa ng mga pananaliksik pangklasrum. Ang mananaliksik ay gagamit ng sarbey kwestyuner na ginamit ni Inciso (2023) sa kanyang pananaliksik na "Pasubaybay na Pagtuturo sa mga Gurong Nagsasanay sa Pagsasagawa ng Classroom-Based Action Research". Batay sa resulta ng pag-aaral, matuklasan na may makabuluhang ugnayan sa pagitan ng kahandaan ng mga guro at ng kanilang mga isyu at suliranin sa pagsasagawa ng pananaliksik pangklasrum. Ang mataas na r-value ay nagpapahiwatig na habang tumataas ang kahandaan ng mga guro sa pananaliksik, lumilitaw rin ang mas maraming suliraning kanilang kinakaharap. Ito ay maaaring nangangahulugan na ang mga mas handang guro sa pananaliksik ay mas mulat sa mga hamon at limitasyong kaakibat nito. Kaya nga, lumilitaw na walang sapat na kakayahang ito ay makita ang pagpasok ng pagbabago mula sa klasrum. Malaking pangangailangan ito ng ganap na pagtugon sa suporta, madaling programa, at mas mahigit na kapaki-pakinabang na sistema para tulungan ang mga guro sa pagkatatag ng epektibong pananaliksik.

***Keywords — Kahandaan, Isyu, Suliranin, Pananaliksik Pangklasrum, Guro***

## I. PANIMULA

Ang pagkapatok at pagkahilig ng mga kabataan sa iba't ibang mga elektronikong kagamitan ay nagpapahiwatig at naghahatid ng mga makabuluhan na kung tawagin ay *technology-enhanced opportunities* na maaaring malinang ang akademikong kaalaman at kakayahan na magagamit para sa prosesong pagtuturo at pagkatuto sa asignaturang Filipino. Makikita natin kahit sa loob nga paaralan na halos lahat ng mga mag-aaral ay gumagamit na ng celfon na kung saan ang mga gawain sa paaralan ay madali na lang nilang nakikita sa pamamagitan ng makabagong teknolohiya.

Sa mundo na punong- puno ng katanungan ang sangkatauhan, ang patuloy na pananaliksik ng tao upang mapabuti at mapaunlad ang paraan ng kaniyang pamumuhay ay naging kaakibat na ng mga siyentipiko at eksperto. Anumang mayroon ang tao ngayon sa kanyang kapaligiran ay bunga ng pananaliksik dahil sa pagnanais na mapadali ang paraan ng kanyang pamumuhay sa mundong kinabibilangan. Pangunahing naisin ng tao na magkaroon ng mabilis na pagbabago sa karaniwan niyang pamumuhay sa pamamagitan ng pagtatama o hindi man ay pagdaragdag ng mga bagay na lalong

Copyright © 2025 IJAMS, All right reserved

magpapabilis sa kaniyang pag-unlad. At ang pinakamabisang paraan upang ang lahat ng ito ay maisakatuparan ay ang pagsasagawa ng patuloy na pananaliksik.

Isa sa hamon sa ika-21 siglo sa larangan ng edukasyon ay ang pagkakaroon ng holistikong pagkatuto ng mga mag-aaral. Kailangang mahasa ang kakayahan ng mga mag-aaral upang makasabay sa hamon ng nagbabagong panahon. Ang pagkakaroon ng mga asignaturang pananaliksik sa senior high school ay higit na nakatutulong sa mga mag-aaral upang mahasa ang kanilang kakayahan sa pag-iimbestiga at paghahanap ng mga solusyon sa mga suliraning kanilang maaaring maranasan sa realidad ng buhay. Malaki ang papel na ginagampanan ng pananaliksik sa mundo, sa bansa, sa pamayanan, sa komunidad at sa sarili. Nakatutulong ang pagsasagawa ng pananaliksik upang mapaunlad ang buhay ng mga tao. Sa pamamagitan ng pananaliksik ay nagkakaroon ng iba't ibang imbensyon gaya ng mga teknolohiya na nakatutulong sa pagpapagaan sa buhay at trabaho ng mga tao. Sa pamamagitan din ng pananaliksik, nakadidiskubre ang tao ng mga maaaring lunas sa mga umiiral na sakit na maaaring makaharap ng mga tao. Nakalilikha rin ng mga bagay na magiging solusyon sa inaakalang problema na walang solusyon. Upang malinang ang ganitong kakayahan, kailangang maituro sa mga mag-aaral ang pagsasagawa ng pananaliksik.

Ang aksiyong pananaliksik bilang isang paraan ng pag-aaral ay may malaking potensyal upang mapahusay ang kasanayan sa pagtuturo at propesyunal na pag-unlad ng gurong nagsasanay (Mertler, 2019; Salbx et al., 2020). Sa pamamagitan ng pagsasagawa ng aksiyong pananaliksik, ang mga gurong nagsasanay ay magkakaroon ng pagkakataong malinang ang malalim na pag-unawa sa kanilang mga tungkulin bilang mga tagapagturo na magreresulta sa pagtuklas ng kanilang pagkakakilanlan bilang isang guro (Dikilitaş & Comoglu, 2022).

Sa paunang sarbey ay natuklasan ang ilang mga hamong kinahaharap ng mga gurong nagsasanay kaugnay sa pagsasagawa ng aksiyong pananaliksik. Ang resulta ay nagpapakita na may kalituhan ang mga gurong nagsasanay ukol sa likas na katangian ng aksiyong pananaliksik, kulang ng sapat na kasanayan upang mabuo nang maayos ang isang gap sa pananaliksik at limitadong kaalaman sa balangkas ng aksiyong pananaliksik. Bukod pa rito, ipinahayag ng mga gurong nagsasanay ang kawalan ng tiyak sa mungkahing interbensiyon at sila ay nahaharap sa matinding hamon upang mapamahalaan nang epektibo ang oras sa pagitan ng mga responsibilidad sa internship at sa pagsasagawa ng kanilang pagaaral. Dahil dito, ang mananaliksik ay bumuo nga pagsusulat na ito upang matugunan o mabigyang solusyon ang mga isyu, problema at kahandaan sa pagsasagawa ng pananaliksik pangklasrum at maipakita ang pagkakaugnay nito upang makabuo ng isang makabuluhang plano sa ikauunlad ng mga adhikain nga guro upang mahikayat na magsulat ng pananaliksik para sa ikauunlad ng kanilang pagtuturo pati na din sa kaunlaran ng pagkatuto ng mga mag-aaral.

Nasa rasyunal na nais ng mananaliksik, na kasalukuyang isang guro sa Junior High School sa nabanggit na lokalidad, na sumabak sa isang mahalagang proyektong pananaliksik na makakabenepisyo sa kanya, sa paaralan kung saan siya nagtuturo ngayon, at sa kanyang Programang Pang-Gradwado na kanyang tinatamasa.

Ang pag-aaral na ito ay naglalayong suriin ang mahahalagang ugnayan sa pagitan ng mga kahandaan, isyu, at suliranin sa pagsasagawa ng pananaliksik pangklasrum ng mga guro ng Villaba National High School (LNCAST), Villaba North District, Leyte Division para sa taong 2024-2025. Ang paggawa ng programa para sa tuloy-tuloy na pag-unlad ng mga guro bilang tugon sa resulta ng pananaliksik na ito.

Layunin din na sagutin ang mga sumusunod na tiyak na katanungan:

1. Anu-anong paghahanda ng mga guro ang kailangan sa pagsusulat ng pananaliksik pangklasrum?

2. Gaanu kalawak ang mga isyu at suliraning kinakaharap ng mga guro sa pagsulat ng pananaliksik pangklasrum?

3. May mahalagang ugnayan ba sa pagitan ng lawak ng mga isyu at suliraning kinakaharap at mga paghahanda ng mga guro sa pagbuo ng pananaliksik pangklasrum?

4. Anong plano ng pagpapabuti ang mababalangkas sa pamamagitan ng resulta ng pananaliksik na ito?

Copyright © 2025 IJAMS, All right reserved

Volume V, Issue 3, March 2025, eISSN: 2799-0664

## II. METHODOLOGY

***Disenyo.*** Ang pag-aaral na ito ay gumagamit ng "descriptive-correlational" na uri ng pananaliksik sa pamamagitan ng pagsagot sa isang sorbey na nagbibigay kahulugan sa mga isyu, suliranin at kahandaan ng mga guro sa paggawa ng pananaliksik pangklasrum. Ang pananaliksik na ito ay "descriptive" dahil binibigyang kahulugan ang lawak ng mga isyu, suliranin at kahandaan ng mga guro sa pagsasagawa ng pananaliksik sa klasrum. Ito din ay "correlational" dahil ito ay sumusukat sa mahalagang ugnayan sa pagitan ng "independent at dependent variables" sa pananaliksik na ito. Ang lokal ng pag-aaral na ito ay ang Villaba National High School (LNCAST). Ang paaralan ay may kabuuang lupain na 3 ektarya at matatagpuan sa isang maburol na lugar. Ang Cagnocot ay ang pinakamalaking baryo sa Villaba, Leyte, na matatagpuan humigit-kumulang 15 kilometro ang layo. Ang mga motorsiklo ang pinakamabisang paraan ng transportasyon para makarating sa paaralan. Karamihan sa mga estudyante ay nakatira sa bulubunduking bahagi ng barangay na nakapalibot sa paaralan; ang ilan ay naglalakad papunta sa paaralan mula sa kanilang mga tahanan, ngunit ang sitwasyong ito ay hindi kailanman humahadlang sa kanila na ituloy ang kanilang mga pangarap. Nag-aalok ang Villaba National High School (LNCAST) ng buong hanay ng mga kurso sa junior at senior high school. Ang Agricultural Crop Production ay ang pangunahing inaalok ng Special Program for Technical Vocational Education sa junior high school. Technical Vocational Livelihood (TVL—Agricultural Crop Production) at General Academic Strand (GA) ang dalawang track para sa senior high school. Ang mga tagatugon ng pag-aaral na ito ay ang dalawamput-apat (24) na gurong nagtuturo sa lokal ng pananaliksik na ito. Ang mananaliksik ay gagamit ng sarbey kwestyuner na ginamit ni Inciso (2023) sa kanyang pananaliksik na "Pasubaybay na Pagtuturo sa mga Gurong Nagsasanay sa Pagsasagawa ng Classroom-Based Action Research". Ang sarbey kwestyuner ay binubuo nga dalawang parte. Unang parte an nagsasalaysay sa mga isyu at suliranin ng mga guro sa pagsasagawa ng pananliksik. Ang pangalawang parte ng sarbey kwestyuner ay nagsasalaysay sa mga kahandaan ng guro sa pagsasagawa ng pananaliksik. Ang sarbey ay hango sa pag-aaral ni Inciso (2023) na pinamagatang, sa Pasubaybay na Pagtuturo s amga Gurong Nagsasanay sa Pagsasagawa ng Classroom-Based Action Research".

***Sampling***. Ang mga tagatugon ng pag-aaral na ito ay ang dalawamput-apat (24) na gurong nagtuturo sa lokal ng pananaliksik na ito. Kumpletong pag-isa-isa ang ginamit ng mananaliksik sa pagpili ng tagatugon sa pag-aaral na ito.

***Proseso ng Pananaliksik***. Matapos maaprubahan ang pananaliksik, sumunod ang pangangalap ng datos. Ang mga kahilingan sa liham upang isagawa ang pag-aaral ay isinusumite sa mga wastong awtoridad para sa pag-apruba. Una, ang isang sulat na kahilingan ay isinumite sa Schools Division Superintendent para sa pag-apruba upang magpatuloy sa pangangalap ng data sa mga natukoy na respondent. Pagkatapos ng pag-apruba ng SDS, ang mga liham ng pahintulot ay isinumite din sa Superbisor ng Distrito ng Pampublikong Paaralan at Punong-guro ng Paaralan. Matapos maaprubahan, nagpatuloy ang mananaliksik sa pangangalap ng datos. Ang mananaliksik ay magsasagawa ng oryentasyon sa mga respondente. Hihingi ng permit mula sa mga respondente kung alin ang nagtatakda ng kanilang pagpayag na maisama sa pag-aaral. Ang survey questionnaire ay ipapamahagi sa mga respondente at bibigyan ng sapat na oras. Pagkatapos maisagawa ang survey, ang mga resulta ay kokolektahin, tabulated, at isusumite para sa istatistikal na paggamot.

***Etikal na Isyu***. Inuna ng mananaliksik ang kapakanan at kabutihan ng mga kalahok sa buong proseso ng pangangalap ng mga datos. Nagkaroon din ng espesyal na pagbibigay ng pangangalaga sa mga kalahok upang makalikha ng isang positibong kapaligiran upang hindi makaramdam ng hindi maganda habang sumasagot ang mga kalahok sa bawat katanungan. Iginagalang din ng mga mananaliksik ang awtonomiya at malayang paglahok ng mga impormante na tinitiyak ang hindi sila napilit magbigay ng mga tugon labas sa kanilang mga kagustuhan. Bago isagawa ang pag-aaral, ang superbisor ng mga gurong nagsasanay ay nagbigay ng pahintulot na nagpapakita ng isang etikal at responsableng pamamaraan sa pagsasagawa ng pananaliksik. Tiniyak ng hakbang na ito na ang mga kalahok ay may sapat na kaalaman tungkol sa katangian ng pag-aaral, layunin nito at anumang potensyal na panganib o benepisyong nauugnay sa kanilang paglahok sa pananaliksik. Sa pagdaragdag, maingat na tiniyak din ng mananaliksik ang pagprotekta sa kompidensiyal at pagkakakilanlan ng mga kalahok at ang paaralang kasangkot. Ang mga personal na impormasyon at pagkakakilanlan ay pinangalagaan upang mapanatili ang mataas na kompidensiyal ng mga indibidwal na kalahok. Kabilang dito ang pagsunod ng naaangkop na mga hakbang sa pagprotekta ng datos at pagtalima sa mga etikal na alituntunin tungkol sa pagkalap at paggamit ng mga datos. Sa pamamagitan ng pagbibigay-prayoridad sa kapakanan ng mga kalahok, paghingi ng pahintulot at pagprotekta sa pagiging kompidensiyal ng mga impormasyon ay nagawang ipakita ng mananaliksik ang pagsunod sa tamang pagsasagawa ng pag-aaral nang may mataas na konsiderasyong etikal at pagiging responsable. Ang mga hakbang na ito ay hindi lamang nakatitiyak sa mga karapatan at kaligtasan ng mga kalahok, kundi nakatutulong din sa pangkalahatang kredibilidad at integridad ng mga natuklasan sa pag-aaral.

Copyright © 2025 IJAMS, All right reserved

Volume V, Issue 3, March 2025, eISSN: 2799-0664

***Treatment of Data*.** **Simple Percentage at Weighted Mean** ay gagamitin upang matukoy ang lawak ng mga isyu at suliranin na kinakaharap ng guro at ang mga paghahanda nito upang maisagawa ang pananaliksik pangklasrum. **Pearson r** ay gagamitin upang matukoy ang mahalagang ugnayan sa pagitan ng lawak ng mga isyu at suliraning kinakaharap at mga paghahanda sa pagbuo ng pananaliksik pangklasrum.

## III. RESULTS AND DISCUSSION

**Table 1**
**Paghahanda ng mga Guro sa Pagsasagawa ng Pananaliksik Pangklasrum**

| No. | Indicators | Weighted Mean | Interpretation |
|---|---|---|---|
| 1 | Ako ay may sapat na kaalaman sa mga pangunahing konsepto ng pananaliksik pangklasrum. | 3.99 | Sumasang-ayon |
| 2 | May kakayahan akong magplano at magdesinyo ng pananaliksik pangklasrum. | 3.86 | Sumasang-ayon |
| 3 | Ako ay bihasa sa paggamit ng iba't-ibang pamamaraan sa pagkolekta ng datos. | 3.95 | Sumasang-ayon |
| 4 | Ako ay may kakayahang magsagawa ng pagsusuri at interpretasyon ng mga datos. | 4.10 | Sumasang-ayon |
| 5 | May sapat akong kasanayan sa pagsusulat ng mga pormal na bahagi ng isang pananaliksik pangklasrum, tulad ng introduksiyon at konklusyon. | 3.95 | Sumasang-ayon |
| 6 | May kakayahan akong mag-organisa ng mga ideya at impormasyong nakolekta sa pananaliksik pangklasrum. | 4.10 | Sumasang-ayon |
| 7 | Handa akong maglaan ng oras at pagsisikap para sa pagsusulat ng pananaliksik pangklasrum. | 3.98 | Sumasang-ayon |
| 8 | May malawak at higit na malalim ang kabatiran ng guro sa paksa ng pananaliksik pangklasrum. | 3.90 | Sumasang-ayon |
| 9 | May mabuting paghahanda sa mga datos na basihan sa gagawing pananliksik sa klasrum. | 3.82 | Sumasang-ayon |
| 10 | May kaalaman sa bawat yugto ng parte ng isang pananaliksik at alam ang mga dapat ilagay na pahayag. | 3.85 | Sumasang-ayon |
| | **Grand Mean** | **3.95** | **Sumasang-ayon** |

***Legend:***

| ***Ranges*** | ***Interpretation*** |
|---|---|
| *4.21- 5.00* | *Lubos na Sumasang-ayon* |
| *3.41- 4.20* | *Sumasang-ayon* |
| *2.61-3.40* | *Neutral* |
| *1.81- 2.60* | *Hindi Sumasang-ayon* |
| *1.00-1.80* | *Lubos na Hindi Sumasang-ayon* |

Hanay 1 ay nagpapahayag ng mga paghahanda ng mga guro sa pagsasagawa nga pananaliksik pangklasrum gamit ang isang sorbey. Batay sa datos ng survey tungkol sa kahandaan ng mga guro sa pagsasagawa ng pananaliksik pangklasrum, ang kabuuang mean na 3.95 ay nangangahulugan na ang mga guro ay sumasang-ayon na sila ay may sapat na kahandaan sa pagsasagawa ng pananaliksik sa kanilang klase. Samantala, ipinakita din sa datos na ang mga indicators na mataas ang marka ay nagsasabing, " Ako ay may kakayahang magsagawa ng pagsusuri at interpretasyon ng mga datos" at "May kakayahan akong mag-organisa ng mga ideya at impormasyong nakolekta sa pananaliksik pangklasrum". Ipinapakita nito na ang mga guro ay may sapat na kasanayan sa pagsusuri at interpretasyon ng mga datos, pati na rin 202imula-oorganisa ng impormasyong kinakailangan sa pananaliksik. Samantala, ang pinakamababang rating sa

Copyright © 2025 IJAMS, All right reserved

IJAMS
INTERNATIONAL JOURNAL OF ADVANCED MULTIDISCIPLINARY STUDIES
Volume V, Issue 3, March 2025, eISSN: 2799-0664

indicator na "May mabuting paghahanda sa mga datos na basihan sa gagawing pananaliksik sa klasrum" ay nangangahulugang bagamat sumasang-ayon pa rin sila, may kaunting kakulangan sa aspektong ito. Bagama't ito ay nasa antas pa rin ng sumasang-ayon, maaaring ipakahulugan nito na may ilang hamon o kakulangan pagdating sa paghahanda ng datos bilang batayan ng pananaliksik, tulad ng pagkalap ng tamang impormasyon, dokumentasyon, at organisasyon ng datos bago 203imulant ang pananaliksik. Ang resulta ng pag-aaral ay nagpapahiwatig na ang mga guro ay may positibong disposisyon sa pananaliksik pangklasrum, subalit maaaring may pangangailangang pagbutihin ang aspeto ng paghahanda ng datos bago 203imulant ang kanilang pananaliksik. Ang mabuting pagsusuri at interpretasyon ng datos ay mahalaga sa pagbuo ng makabuluhang resulta, ngunit ang kakulangan sa preparasyon ng datos ay maaaring makaapekto sa kalidad ng pananaliksik. Maaari ring ipakahulugan na ang mga guro ay maaaring may sapat na teoretikal na kaalaman sa pananaliksik, ngunit maaaring nangangailangan ng higit pang suporta o pagsasanay pagdating sa aktwal na pangangalap at paghahanda ng datos para sa kanilang pananaliksik sa loob ng klasrum. Sa pangkalahatan, ipinapakita ng resulta ng survey na ang mga guro ay may sapat na kakayahan at kahandaan sa pagsasagawa ng pananaliksik pangklasrum, lalo na sa pagsusuri at interpretasyon ng datos. Gayunpaman, may pangangailangan pa rin para sa mas sistematikong paghahanda ng datos, na maaaring matugunan sa pamamagitan ng masusing pagsasanay at patuloy na suporta mula sa administrasyon ng paaralan.

**Table 2**
**Mga Isyu at Suliranin ng mga Guro sa Pagsasagawa ng Pananaliksik Pangklasrum**

| No. | Indicators | Weighted Mean | Interpretation |
|---|---|---|---|
| 1 | Kulang ang oras ko upang maisagawa nang maayos ang pananaliksik pangklasrum. | 3.92 | Sumasang-ayon |
| 2 | Nahihirapan ako sa pagkolekta ng sapat na datos para sa aking pananaliksik pangklasrum. | 3.56 | Sumasang-ayon |
| 3 | May kakulangan ako sa kaalaman o kasanayan sa pagsusulat ng pananaliksik pangklasrum. | 3.55 | Sumasang-ayon |
| 4 | Mahirap ang proseso ng pagbuo ng tamang metodolohiya para sa aking pananaliksik pangklasrum. | 4.10 | Sumasang-ayon |
| 5 | Wala akong sapat na suporta mula sa pamunuan ng paaralan para sa aking pananaliksik pangklasrum. | 3.85 | Sumasang-ayon |
| 6 | Nahihirapan akong pagsabayin ang aking mga tungkulin sa pagtuturo at pagsusulat ng pananliksik pangklasrum. | 4.12 | Sumasang-ayon |
| 7 | Nakakaranas ako ng stress or pagkabahala sa pagsusulat ng pananliksik pangklasrum. | 3.95 | Sumasang-ayon |
| 8 | Nahihirapan akong gumawa ng pamagat sa aking pananaliksik pangklasrum na naayon sa kailangan ng aking pagtuturo. | 3.70 | Sumasang-ayon |
| 9 | Hindi matukoy ang kapaniwalaan ng napiling na problema sa silid-aralan. | 3.72 | Sumasang-ayon |
| 10 | Kakulangan ng sapat na datos bilang suporta sa kapaniwalaan ng problema sa klasrum. | 3.55 | Sumasang-ayon |
| 11 | Hindi angkop na metodo ang napili para sa pananaliksik pangklasrum. | 3.75 | Sumasang-ayon |
| 12 | Kabiguan sa paggamit ng angkop na modelo ng aksiyong pananaliksik pangklasrum. | 3.90 | Sumasang-ayon |
| 13 | Mga maling hinuha sa likas na katangian ng pananaliksik pangklasrum. | 4.00 | Sumasang-ayon |
| 14 | Kakulangan ng mga edidensiya upang ipakita ang mga problema sa silid-aralan. | 3.85 | Sumasang-ayon |
| 15 | Kawalang katiyakan ukol sa paggamit at bisa ng pananaliksik pangklasrum. | 4.10 | Sumasang-ayon |
| | **Grand Mean** | **3.84** | **Sumasang-ayon** |

Copyright © 2025 IJAMS, All right reserved

***Legend:***

| ***Ranges*** | ***Interpretation*** |
|---|---|
| *4.21- 5.00* | *Lubos na Sumasang-ayon* |
| *3.41- 4.20* | *Sumasang-ayon* |
| *2.61-3.40* | *Neutral* |
| *1.81- 2.60* | *Hindi Sumasang-ayon* |
| *1.00-1.80* | *Lubos na Hindi Sumasang-ayon* |

Nakapaloob sa ikalawang hanay ang mga isyu at suliranin ng mga guro sa pagsasagawa ng pananaliksik pangklasrum. Batay sa survey, nakuha ang kabuuang mean na 3.84, na nangangahulugang sumasang-ayon ang mga guro na may kinakaharap silang mga isyu at suliranin sa pagsasagawa ng pananaliksik pangklasrum. Ang kanilang pinakuna na hamon ay ang pagsabay sa pagtuturo at pananaliksik na pagsulat ng mga pananaliksik, ang may pinakamataas na rating. Ipinakita rito na ang kadugtongan ng kanilang trabaho bilang guro ay ayaw makigaposan sa kanilang kakayahang matutugasan ang pananaliksik nang mabisa. Samantala, ang mga tanong na may pinakamababang rating ay ang "kakulangan sa kaalaman o kasanayan sa pagsusulat ng pananaliksik pangklasrum" at "kakulangan ng sapat na datos bilang suporta sa kapaniwalaan ng problema sa klasrum". Ipinapahiwatig nito na bagaman may ilang guro na nangangailangan ng karagdagang pagsasanay sa pananaliksik, hindi ito ang pangunahing hadlang sa kanilang kakayahang magsagawa nito. Ang datos ay nagpapakita pa na ang mga guro ay hindi labis na nahihirapan sa aspeto ng kaalaman sa pananaliksik kundi sa oras at balanse sa trabaho. Bansa ng dami ng kanilang mga tungkulin—pagtuturo, paggawa ng lesson plan, pagsusuri ng mga output ng mag-aaral, at iba pa—hindi na nila matutukan nang husto ang pagsasagawa ng pananaliksik pangklasrum. Add to that, kahit na hindi malaki ang isyu sa kakulangan ng kaalaman sa pananaliksik, maaaring ang ilan sa kanila ay hindi pa rin lubusang sanay sa wastong proseso ng pananaliksik. Maaaring ang kakulangan sa sapat na datos ay nagpapabagal sa kanilang pananaliksik, ngunit hindi ito kasing-laki ng hamon na dulot ng kakulangan ng oras. Sa kabuuan, ang resulta ng survey ay nagpapahiwatig na ang mga guro ay may positibong pananaw sa kahalagahan ng pananaliksik pangklasrum ngunit nahaharap sa mga hamon sa oras at workload. Ang mga mungkahing aksyon tulad ng workload adjustment, pagsasanay, at mentoring ay maaaring makatulong upang mas mapadali at mas maging epektibo ang pagsasagawa ng pananaliksik sa kanilang klase.

**Table 3**
**Pagsusuri ng Ugnayan**

| **Variables Correlated** | **r** | **Computed value or t** | **Table Value @.05** | **Decision on Ho** | **Interpretation** |
|---|---|---|---|---|---|
| **Paghahanda VS Isyu at Suliranin** | 0.81 | 3.624 | 2.244 | Reject Ho | Significant Relationship (Strong) |

Batay sa resulta ng pagsusuri sa relasyon ng kahandaan ng mga guro at kanilang mga isyu at suliranin sa pananaliksik pangklasrum, nakita ang r-value na 0.81, na nagpapahiwatig ng isang malakas na positibong relasyon sa pagitan ng dalawang variable. Ibig sabihin, samantalang tumataas ang kahandaan ng mga guro sa pananaliksik pangklasrum, tumataas din ang kanilang kinakaharap na isyu at suliranin. Addition sa rito, ang computed t-value na 3.624 ay mas taas kaysa sa tabular value na 2.244 sa antas ng 0.05 ng kahalagahan. At dahil rito, iiinitilad ang null hypothesis (Ho), ay nangangahulugang may kabuluhan ugnayang may pagkahalumanan sa pagitan ng preparasyon ng mga guro at mga isyu at suliranin nila sa pagsasagawa ng pananaliksik. Ang mas handang guro sa pananaliksik ay maaaring mas nagiging mulat sa mga hamon at suliraning kaakibat nito. Maaaring dahil sa mas mataas nilang kaalaman at kakayahan sa pananaliksik, mas naiintindihan din nila ang mga hamon gaya ng data collection, time constraints, at methodological concerns. Ang mataas na kahandaan ay hindi nangangahulugang mas madali ang pagsasagawa ng pananaliksik. Hindi matatag na handa ang isang guro kahit pa siya ay naka-handang sa teknikal aspect ng pananaliksik, maaari pa rin siyang experience mga isyu, especially sa oras, workload, at other mga limitations sa paaralan. Bukod sa positibong ugnayan ng kahandaan at suliranin, ibig sabihin nito na kahit ang mga guro na may sapat na kakayahan sa

Copyright © 2025 IJAMS, All right reserved

pananaliksik ay kailangan pa rin ng tulong, gaya ng mas maayos na time management o administrative support upang mapabayaan ang kanilang kanilang pinagdaraanan na isyu. Bilang isandaan, ang pag-aaral ay nagpapakita na ang kahandaan ng mga guro ay hindi nangangahulugan na mas kaunti ang kanilang isyu sa pananaliksik. Sa halip, samantalang naging mas bihasa sila sa pananaliksik, mas naging malinaw rin ang mga hamon na kanilang kinakaharap. Mula dito, importante ang patuloy na suporta mula sa paaralan upang mapagaan ang kanilang workload at mabawasan ang mga suliranin sa pananaliksik pangklasrum. Kaya nga, maaaring magbigay ng designated research hours o bawasan ang ibang administrative tasks ng mga guro upang magkaroon sila ng mas maraming oras sa kanilang pananaliksik.

## IV. CONCLUSION

Batay sa resulta ng pag-aaral, matuklasan na may makabuluhang ugnayan sa pagitan ng kahandaan ng mga guro at ng kanilang mga isyu at suliranin sa pagsasagawa ng pananaliksik pangklasrum. Ang mataas na r-value ay nagpapahiwatig na habang tumataas ang kahandaan ng mga guro sa pananaliksik, lumilitaw rin ang mas maraming suliraning kanilang kinakaharap. Ito ay maaaring nangangahulugan na ang mga mas handang guro sa pananaliksik ay mas mulat sa mga hamon at limitasyong kaakibat nito. Kaya nga, lumilitaw na walang sapat na kakayahang ito ay makita ang pagpasok ng pagbabago mula sa klasrum. Malaking pangangailangan ito ng ganap na pagtugon sa suporta, madaling programa, at mas mahigit na kapaki-pakinabang na sistema para tulungan ang mga guro sa pagkatatag ng epektibong pananaliksik.

## V. RECOMMENDATIONS

1. Gamitin ang pagpapabuti ng pagbalangkas para sa ikauunlad ng mga guro sa pagsasagawa ng pananaliksik pangklasrum at mahikayat na gumawa ng ganitong pag-aaral.

2. Magpatupad ng mentoring programs o pagsasanay upang matulungan ang mga guro na epektibong makapagsagawa ng pananaliksik.

3. Magbigay ng access sa mga learning materials, journal articles, at iba pang resources upang mapadali ang kanilang pagsasaliksik.

4. Maglaan ng designated research hours upang mabawasan ang conflict sa pagitan ng kanilang tungkulin sa pagtuturo at pagsusulat ng pananaliksik.

5. Magpatupad ng mga insentibo gaya ng pagbibigay ng research grants o workload reduction para sa mga aktibong guro sa pananaliksik.

6. Bumuo ng faculty research teams kung saan maaaring magtulungan ang mga guro sa pagsasagawa ng pananaliksik.

7. Magtalaga ng isang Research Coordinator sa paaralan upang gabayan at suportahan ang mga guro sa kanilang pananaliksik.

8. Magbigay ng seminars at workshops na nakatuon sa epektibong time management at data gathering upang mas mapadali ang kanilang pananaliksik.

9. Palakasin ang pakikipag-ugnayan ng mga paaralan sa mga institusyong pang-akademiko upang makakuha ng mas maraming suporta at oportunidad sa pananaliksik.

10. Ang mga darating na mananaliksik ay dapat mag-ulit ng pag-aaral na ito upang isama ang iba't ibang lokalidad at iba pang mga variable bukod sa nabanggit sa pag-aaral na ito.

Copyright © 2025 IJAMS, All right reserved

**ACKNOWLEDGMENT**

Mula sa kaibuturan ng puso ng mananaliksik, malugod niyang pinasasalamatan ang mga sumusunod na nagbigay sa kanya ng inspirasyon na maisakatuparan ang pag-aaral na ito. Una, ang POONG MAYKAPAL, sa pagbibigay lakas ng loob at matibay na pamamatnubay sa madalas na pagpunta at pagbalik sa paaralang kanyang pinapasukan upang maisakatuparan ang lahat, at dahil din sa biyayang ibinigay na naging inspirasyon niya na ipagpatuloy ang mga magandang bagay na nasimulan para sa kapakanan ng lahat. DR. SABINA B. CON- UI, Dekano ng Paaralang Gradwado ng Western Leyte College, siyudad ng Ormoc sa kanyang pagsubaybay at sa mga makabuluhang mungkahi na mapabuti ang pananaliksik na ito; DR. JASMINE B. MISA, ang kanyang tagapayo, dahil sa oras na inilaan at sa kanyang matalinong mga mungkahi, pagsubaybay at pagresiba ng buong manuskritong ito na lubos nagpaganda sa kinalabasan ng gawaing pananaliksik; Ipinaaabot ko ang aking pasasalamat sa mga miyembro ng faculty ng Graduate Department ng Western Leyte College para sa kanilang karunungan, panghihikayat, at pangako sa pagpapaunlad ng kapaligiran ng paglago ng akademiko. Nagpapasalamat ako sa mga miyembro ng aking Thesis Committee at Panel Examiners na pinamumunuan ni Dr. Bryant C. Acar, Chairman at Scribe ng Pre and Oral Examination panel, kasama sina Dr. Annabelle A. Wenceslao at Dr. Elvin H. Wenceslao para sa kanilang nakabubuo na puna at mahahalagang mungkahi at Dr. Jasmine B. Misa, ang tagapayo dahil sa makabuluhang pagsubaybay para sa ikauunlad ng pananaliksik na ito. Sa aking DepEd Leyte Division Family na pinamumunuan ni Dr. Mariza S. Magan, sa pagpapahintulot na isagawa ang pag-aaral na ito sa paaralan na pinag-tuturuan ng may akda. Sheina Maire S. Macalla, Assistant School Principal II ng Villaba National High School (LNCAST), sa kanyang pag-unawa at suportang moral sa mananaliksik; Jezon, Joy at Jerizza, kanyang mga kapatid na nagbigay ng malaking inspirasyon para maisagawa ang pananaliksik na ito. Rosefel, Quennie, Michelle, Lea Grace, Rhianabeth at Lyndon, kanyang mga mababait na kaibigan na patuloy na sumusuporta upang mapalakas ang kanyang loob na maisagawa ang pananaliksik na ito. Jesus at Corazon, mga mahal na magulang ng mananaliksik, sa lahat ng kanyang tinatamasa sa kasalukuyan at sa lahat ng mga magagandang paalala, pagpapayo at ang walang kundisyong pagmamahal, pag-unawa, at pagpapalakas ng loob ay naging mga haligi ng aking lakas. Panghuli, iniaalay ko ang gawaing ito sa aking asawa na si Eric, ang inspirasyon ko sa lahat ng oras. Ang kanyang pasensya, pagmamahal, at walang humpay na suporta ang naging pundasyon kung saan ako makakagawa ng thesis na ito. Ang kanyang paniniwala sa akin at ang mga sakripisyo upang matiyak na mayroon akong oras at espasyo upang tumutok sa aking pananaliksik. Ang tesis na ito ay hindi magiging posible kung wala ang sama-samang suporta at gabay ng lahat ng mga kahanga-hangang indibidwal na ito. Ako ay tunay na nagpapasalamat para sa mga pagkakataon at mapagkukunan na ibinigay sa akin sa buong akademikong pagsisikap na ito. Salamat sa pagiging bahagi ng paglalakbay na ito.

## SANGGUNIAN

[1] Adediwura, A. A. & Tayo, B. (2007). Perception of teacher’s knowledge, attitude and teaching skills as predictor of academic performance in Nigerian secondary schools. Educational Research and Reviews 2 (7), 165-171.

[2] Adler, J. & Sfard, A. (Eds.). (2016). Research for educational change: Transforming researchers' insights into improvement in mathematics teaching and learning. Routledge. Anderson, G. & Arsenault, N. (2005). Fundamentals of educational research. Routledge.

[3] Angelique, H., Kyle, K. & Taylor, E. (2002). Mentors and muses: New strategies for academic success. Innovative Higher Education, 26(3), 195-209.

[4] Asokhia, M. O. (2009). Improvisation/teaching aids: Aid to effective teaching of English Language. International Journal of Educational Sciences.

[5] Bailey, R. J., Bischof, H. P., Kwon, M., Miller, T. & Raj, R. K. (2011). On providing successful research experiences for undergraduates. In 2011 Frontiers in Education Conference (FIE) (pp. T2F-1). IEEE.

[6] Balaba, M. F. (2013). Pag-unawa sa Suliranin ng mga Di-Medyor na Gurosa Pagtuturo ng Asignaturang Filipino.

[7] Banegas, D. L., & de Castro, L. S. V. (2019). Action research. In The Routledge handbook of English language teacher education (pp. 570-582). Routledge.

Copyright © 2025 IJAMS, All right reserved

[8] Baronda, AJ. C. (2016). Komunikasyon at Pananaliksik sa Wika at Kulturang Filipino. JFS Publishing Services

[9] Batnag, et. al. (2016). Komunikasyon at Pananaliksik sa Wika at Kulturang Pilipino. Rex Printing Company, Inc.

[10] Belvez, P. M. (2000). Ang Sining at Agham ng Pagtuturo. Manila, Philippines, 63: REX Book Store.

[11] Belvez, P. M. (2005). Ang Sining at Agham ng Pagtuturo. Rex Printing Company, Inc.

[12] Bender, K. A. & Roche, K. (2013). Educational mismatch and selfemployment. Economics of Education Review 34, 85-95.

[13] Bendtsen, M., Eklund, G., Forsman, L., & Pörn, M. (2021). Student teachers' experiences of action research-based projects: two cases within preservice teacher education in Finland. Educational Action Research, 29(5), 707-721.

[14] Brady, K. P., Holcomb, L. B. & Smith, B. V. (2010). The use of alternative social networking sites in higher educational settings: A case study of the elearning benefits of Ning in education. Journal of Interactive Online Learning 9 (2).

[15] Canque, W. & Botor, J. . (2009). MOTIVATIONAL FACTORS AND MENTORING SKILLS OF FACULTY MEMBERS OF HIGHER EDUCATION INSTITUTIONS IN DIGOS CITY. UM Research Journal 6 (1). Retrieved from http://ejournals.ph/form/cite.php?id=2058

[16] Chaudhuri, M. & Naskar, P. (2014). Job Satisfaction: The Eventual Smidgeon for Occupational Consummation and Contentment in Profession. DLSU Business & Economics Review, 24 (1). Retrieved from http://ejournals.ph/form/cite.php?id=6495.

[17] Clark, J. S., Porath, S., Thiele, J., & Jobe, M. (2020). Action research.

[18] Cohen, L., Manion, L., & Morrison, K. (2002). Research methods in education. Routledge.

[19] Collin, P., Rahilly, K., Richardson, I. & Third, A. (2011). The benefits of social networking services.

[20] Convery, I. & Cox, D. (2012). A review of research ethics in internet-based research. Practitioner Research in Higher Education, 6 (1), 50-57.

[21] Dahlberg, T., Barnes, T., Rorrer, A., Powell, E. & Cairco, L. (2008, March). Improving retention and graduate recruitment through immersive research experiences for undergraduates. In ACM SIGCSE Bulletin (Vol. 40, No. 1, pp. 466-470). ACM.

[22] Darwin, A., & Palmer, E. (2009). Mentoring circles in higher education. Higher Education Research & Development 28 (2), 125-136.

[23] De Gracia, R. A. (2009). Mentoring Faculty towards Scholarly Productivity. The Central Colleges of the Philippines Interdisciplinary Research Journal, 1(1). Retrieved from http://ejournals.ph/form/cite.php?id=10121.

[24] De Guzman Petras, J. (2012). E-Filipino: Ang Pagtuturo at Pagkatuto ng/sa Wikang Filipino Sa Sistemang Open and Distance Learning. DALUMAT E-Journal 3 (1-2), 1-1.

[25] De Laza, C. S. & Batnag, A. (2016). Pagbasa at Pagsusuri ng Iba't Ibang Teksto Tungo sa Pananaliksik. (1st ed.). Manila, Philippines, 63: REX Book Store.

[26] Diana, T. J. (2011). Becoming a teacher leader through action research. Kappa Delta Pi Record, 47(4), 170-173. DOI: 10.1080/00228958.2011.10516586

[27] Dikilitaş, K., & Comoglu, I. (2022). Pre-service English teachers' reflective engagement with stories of exploratory action research. European Journal of Teacher Education, 45(1), 26-42.

Copyright © 2025 IJAMS, All right reserved

[28] Djuwari, D., Budiana, K. & Hudiwinarsih, G. (2019). The Teachers' Motivation in Joining the Training on Scientifc Paper Writing. SMCC Higher Education Research Journal 6 (1). Retrieved from http://ejournals.ph/form/cite.php?id=14321.

[29] Duran, D. & Monereo, C. (2005). Styles and sequences of cooperative interaction in fixed and reciprocal peer tutoring. Learning and Instruction 15, 179–199

[30] Elliott, S. N. & Travers, J. F. (1996). Educational psychology: Effective teaching, effective learning. Madison, WI: Brown & Benchmark.

[31] Evans, D., Gruba, P. & Zobel, J. (2011). How to write a better thesis. Melbourne Univ. Publishing.

[32] Fakeye, D. O. (2012). Teachers' qualification and subject mastery as predictors of achievement in English language in Ibarapapa division of Oyo State. Global Journal of Human-Social Science Research 12 (3), 1-6.

[33] Fantilli, R. D. & McDougall, D. E. (2009). A study of novice teachers: Challenges and supports in the first years. Teaching and Teacher Education 25 (6), 814- 825.

[34] Feldman, A., Divoll, K. A. & Rogan-Klyve, A. (2013). Becoming researchers: The participation of undergraduate and graduate students in scientific research groups. Science Education 97 (2), 218-243.

[35] Fernandez, F. M. & Lim, L. F. (2013). Pag-unawa sa Suliranin ng mga Di-Medyor Na Guro sa Pagtuturo ng Asignaturang Filipino. Retrieved from http://www.academic.edu/4437797/introduksyon/html

[36] Fraenkel, J. R., Wallen, N. E. & Hyun, H. H. (2011). How to design and evaluate research in education. New York: McGraw-Hill Humanities/Social Sciences/Languages.

[37] Franzoni, A. L., Assar, S., Defude, B. & Rojas, J. (2008, July). Student learning styles adaptation method based on teaching strategies and electronic media. In 2008 Eighth IEEE International Conference on Advanced Learning Technologies, 778-782.

[38] Galgo, J. J. (2011). Kolaboratibong pagkatuto Kaugnay sa Akademiko at Ugnayang Sosyal ng mga Mag-aaral. Retrieved from http://www/academic.edu/24832046/

[39] Gamoso, C. V. ED. (2018). Pananaliksik, Daan sa Modernisasyon ng Wikang Filipino. The Varsitarian.

[40] Gannaban, M. A.(2012). Isang Pagsusuri sa Persepsyon sa at Aktwal na Kahusayang Pampagtuturo ng Guro. Vol. 3 No. 1. 2012-15

[41] Gannaban, M. E. (2013). SNS: Isang Estratehiya sa Larangan ng Pagtuturo. DALUMAT E-Journal, 4(1-2). Retrieved from http://ejournals.ph/form/cite.php?id=6232.

[42] Gitlin, A., & Hadden, J. (2005). Educative research: Acting on power relations in the classroom. International Action Research, 82-96. Routledge.

[43] Gregorio, C. C. (2000). Impact of Internal Faculty Development Programs on Teaching Effectiveness: An Assessment. TIP Research Journal Manila 5 (1). Retrieved from http://ejournals.ph/form/cite.php?id=9147.

[44] Guerrero, P. A. (2014). Ang Tradisyunal at Modernong Paraan ng Pagtuturo. https://tradisyunal-at-modernong-pagtuturo.blogspot.com/

[45] Hicana, MF. G. (2012). Isang Pagsusuri sa Persepsyon sa at Aktwal na Kahusayang Pampagtuturo ng Guro. Retrieved from https://www.researchgate.suri_sa_Persepsyon_at_Aktwal_na_Kahusayang_Pampagtuturo _ng_Guro

[46] Hunuk, D., & MacPhail, A. (2023). Exploring the co-construction of an action research experience between a teacher educator and pre-service teachers. European Physical Education Review, 29(1), 145-161.

[47] Ingersoll, R. M. & Smith, T. M. (2004). Do teacher induction and mentoring matter?. NASSP Bulletin 88 (638), 28-40.

Copyright © 2025 IJAMS, All right reserved

[48] Jocson, M. O. (2016). Komunikasyon at Pananaliksik sa Wika at Kulturang Pilipino. Vibal Group Inc,.

[49] Jocson. M.O. (2016). Komunikasyon at Pananaliksik sa Wika at Kulturang Pilipino.(1st ed.). Quezon City, Philippines, 63: Vibal Group, Inc. K TO 12 CORE CURRICULUM GUIDE – Komunikasyon at Pananaliksik sa Wika at Kulturang Pilipino, Disyembre 2013 K TO 12 CORE CURRICULUM GUIDE - Pagbasa at Pagsusuri ng Ibat't Ibang Teksto Tungo sa Pananaliksik, Disyembre 2013

[50] Kline, R. B., (2008). Becoming a behavioral science researcher: A guide to producing research that matters. Guilford Press.

[51] Komba, W. L., & Nkumbi, E. (2008). Teacher professional development in Tanzania: Perceptions and practices. Journal of international cooperation in education, 11(3), 67-83.

[52] Kothari, C. R., (2004). Research methodology: Methods and techniques. New Age International.

[53] Labor, K.L., Hinampas, L.Z., & Agcaoli, E.M., (2016). Introduskyon sa Saliksik. Almario, V.S. Manila, Philippines, 63: Komisyon sa Wikang Filipino

[54] Lacanlale, C.R., (2013). Ningas ng Sulo ng mga Natatanging Di-Medyor sa Filipino sa Maalong Dagat ng Pagtuturo. (1st ed.). Pampanga, Philippines, 63: University of the Assumption

[55] Lardizabal, A., Bustos, A.S., Bucu, L.C. & Tiangco, N.G., (1996). Principles and Methods of Teaching. Quezon City: Phoenix Publishing House, p.219

[56] Lattuca, L. R., Bergom, I. & Knight, D. B. (2014). Professional development, departmental contexts, and use of instructional strategies. Journal of Engineering Education, 103 (4), 549-572.

[57] Liu, E., & Johnson, S. M. (2006). New teachers' experiences of hiring: Late, rushed, and information-poor. Educational Administration Quarterly, 42 (3), 324- 360.

[58] Madin, C. V., & Swanto, S. (2019). An inquiry approach to facilitate reflection in action research for ESL pre-service teachers. Teflin Journal, 30(1), 1-21.

[59] Manfra, M. M. (2019). Action research and systematic, intentional change in teaching practice. Review of Research in Education, 43(1), 163-196.

[60] Mertler, C. A. (2019). Action research: Improving schools and empowering educators. Sage Publications.

[61] Mingarine et. al. (2019). Filipino sa Iba't Ibang Disiplina Daluyan ng Mapanlikhang Kaisipan Mingarine et. al. (2019). Kontekstwalisadong Komunikasyon sa Filipino (Dulog Outcome Based)

[62] Miquel, E., & Duran, D. (2017). Peer Learning Network: implementing and sustaining cooperative learning by teacher collaboration. Journal of Education for Teaching 43 (3), 349-360.

[63] Mishra, P. & Koehler, M. J. (2006). Technological pedagogical content knowledge: A framework for teacher knowledge. Teachers' college record, 108 (6), 1017-1054

[64] Ngugi, L. N. & Thinguri, R. W. (2014). To establish the extent to which the subject mastery Enhances quality teaching to student-teachers during teaching practice. International Journal of Education and Research, 2(7), 614-648

[65] Norton, L. (2018). Action research in teaching and learning: A practical guide to conducting pedagogical research in universities. Routledge.

[66] Ocbian, M. M. & Gamba, M. P. (2015). SSC Graduate Students' Difficulties in Doing Research. JPAIR Institutional Research Journal 5(1). Retrieved from http://ejournals.ph/form/cite.php?id=12126.

[67] Oleson, A. & Hora, M. T. (2014). Teaching the way they were taught? Revisiting the sources of teaching knowledge and the role of prior experience in shaping faculty teaching practices. Higher Education 68 (1), 29-45.

Copyright © 2025 IJAMS, All right reserved

[68] Pathak, R. P. (2008). Methodology of educational research. Atlantic Publishers & Dist.

[69] Pena, R. P., M.J. A., Castillo, R. D., Sagun, Camba, A. M., J.G., Adaya P.D.S. & Carpio (2016) Komunikasyon at Pananaliksik sa Wika at Kulturang Pilipino.(1st ed.). Malabon City, Philippines, 63: Jimczyville Publications

[70] Qing-li, H., Torres, M. N., & Shi-Ji, F. (2019). Collaborative action research for preparing teachers as reflective practitioners. Systemic Practice and Action Research, 32, 411-427.

[71] Ramsden, P. (2008). The future of higher education teaching and the student experience. The Higher Education Academy. Retrieved March, 30, 2010

[72] Richards, J. C. (2008). Teaching listening and speaking. Cambridge, England: Cambridge University Press.

[73] Roehrig, A. D. & Pressley, M. (2005). Stories of beginning teachers: First year challenges and beyond. Catholic Education.

[74] Salbx, C. A., O'Brien, E., LaFrance, D., & LaFrance, J. (2020). Action Research in a Professional Development School: A Pre-Service Teacher's Path to Understanding. PDS Partners: Bridging Research to Practice, 15(2), 35-38.

[75] Saldaňa, J. (2009). The coding manual for qualitative researchers. Lontoo: SAGE Publications Ltd.

[76] Salvador et al. (2009). Pagbasa at Pagsulat tungo sa Pananaliksik. AIMS Publication. Fernandez, E. S. (2014). Daily Adventures. [Ebook]. http://centuryIdeas.blogspot.com/index.php/2014/06/03/ernani- Fernandez/html

[77] San Juan, D. M. (2012). Mga Tanong at Sagot Hinggil sa kto12 Program ng gobyerno ng Pilipinas. Retrieved from https://www.philippinebasicEducation.us/2012/05/k-to-12- program-ng-gobyerno-ng.html

[78] Santiago, A.O. (2003). Sining ng Pagsasaling-wika (Sa Filipino Mula sa Ingles). (3rd ed.). Sampaloc Manila, Philippines, 63: REX Book Store

[79] Saribas, D., & Ozer, F. (2022). Action research in a teacher education program: Probing into pre-service elementary teachers' understandings of scientific practices and teaching scientific practices. Journal of Education for Teaching, 48(2), 197-213.

[80] Schmuck, R. A. (2006). Practical action research for change. Corwin Press.

[81] Sheppard, M., Wolfinger, M. E., & Talbert, R. (2021). Leading from the start: preservice teachers' conceptions of teacher leadership. Teaching Education, 32(4), 371-387.

[82] Squires, A. (2009). Methodological challenges in cross-language qualitative research: A research review. International Journal of Nursing Studies 46 (2), 277-287.

[83] Stringer, E. T. (2007). Action research third edition.

[84] Tan, E. (2011). "It takes two to tango:" The language of research mentoring. The Asian Journal of Educational Research and Synergy, 3(1). Retrieved from http://ejournals.ph/form/cite.php?id=1147.

[85] Timbreza, F. T. (1987). Mga Suliranin at Iba Pang Mga Balakid Sa Paggamit Ng Filipino Sa Pagtuturo. Malay 6 (1). Retrieved from http://ejournals.ph/form/cite.php?id=7717.

[86] Toquero, C. M. D. (2021). "Real-world:" preservice teachers' research competence and research difficulties in action research. Journal of Applied Research in Higher Education, 13(1), 126- 148.

[87] Tuckman, B. W., & Harper, B. E. (2012). Conducting educational research. Rowman & Littlefield Publishers.

[88] Weinberg, A. E., Trott, C. D. & McMeeking, L. B. (2018). Who produces knowledge? Transforming undergraduate students' views of science through participatory action research. Science Education.

Copyright © 2025 IJAMS, All right reserved

[89] Wenderholm, E. (2004). Challenges and the elements of success in undergraduate research. ACM SIGCSE Bulletin 36 (4), 73-75. Whitty, G. (2006). Education (al) research and education policy making: is conflict inevitable?. British Educational Research Journal 32 (2), 159-176

[90] Yco, A. B. (2019). Ang Mundo ng edukasyon sa Ika-21 Siglo. Retrieved from https://www.pressreader.com/search?query=kagamitang%20pampagtuturolanguages=en &groupBy=Language&hideSimilar=0type=1state=

[91] Yinger, R. J. & Hendricks-Lee, M. S. (1998). Professional development standards as a new context for professional development in the US. Teachers and Teaching 4 (2), 273-298.

[92] Zafra, G.S. (2009).SALIN-SURI: Panimulang Pagmamapa ng mga Larangan ng Pag-aaral ng Pagsasalin sa Filipinas. (3rd ed.). Diliman Quezon City, Philippines 63: UP Sentro ng Wikang Filipino.

**AUTHOR'S PROFILE**



**MS. JESSEL A. LAURENTE**

Jessel A. Laurente, isinilang noong Pebrero 17, 1987, sa Palompon, Leyte, Siya ay kasalukuyang guro sa Filipino sa Mataas na Paaralan ng Villaba National High School (LNCAST), na may higit sa sampung taong karanasan sa pagtuturo. Nakapagtapos siya ng Bachelor of Secondary Education na may major sa English at minor sa Filipino sa Leyte Normal University, at kasalukuyang kumukuha ng Master's Degree sa Edukasyon na nakatuon sa Pananaliksik sa Klasrum. Ang kanyang interes sa pananaliksik ay nakatuon sa pag-aaral ng mga isyu at problema sa edukasyon, partikular sa mga aspeto ng kahandaan ng mga guro sa pagsasagawa ng pananaliksik pangklasrum. Ang kanyang kasalukuyang tesis ay naglalayong magbigay-linaw sa mga pangunahing isyu at problema na nakakaapekto sa kahandaan ng mga guro sa pagsasagawa ng pananaliksik pangklasrum, upang makatulong sa pagbuo ng mga rekomendasyon na magpapalakas sa kanilang kapasidad sa ganitong larangan.

Copyright © 2025 IJAMS, All right reserved